Pangalan:___________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:__________________ Petsa Nang Natapos:______________ Marka:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Kolonyalismo at Imperyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya**

**PANUTO:** Piliin ang tamang sagot mula sa sumusunod na katanungan. Bilugan ang letra ng iyong sagot.

1. Alin sa sumusunod na bansa ang sumakop sa Pilipinas sa loob ng mahigit sa 300 taon?
   a. United States
   b. Japan
   c. Portugal
   d. Spain

2. Alin sa sumusunod na bansa ang hindi kailanman nasakop ng mga Kanluranin?
   a. China
   b. Indonesia
   c. Pilipinas
   d. Thailand

3. Ano-anong bansa ang kasangkot sa Digmaang Opyo?
   a. Britain, China, at France
   b. United States, Indonesia, at Japan
   c. Iran, Iraq, at Saudi Arabia
   d. Malaysia, Pilipinas, at Thailand

4. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa prinsipyo ng culture system?
   a. pagpapatupad ng sistemang encomienda
   b. sapilitang pagtatrabaho sa loob ng 40 araw
   c. sapilitang pagtatanim ng mga katutubong magsasaka ng mga halaman
   d. paniningil ng mataas na pagbayad ng buwis ng pamahalaan sa mga magsasaka

5. Paano nakilala ang Portugal sa panahon ng kolonyalismo?
   a. Ang bansang ito ang nag-utos sa iba pang bansa na manakop ng panibagong mga lupain.
   b. Direkta nilang pinamahalaan ang gobyerno at iniluklok ang kanilang sarili sa mataas na posisyon.
   c. Isa sa mga naunang nagkaroon ng kapangyarihan sa Europa dahil sa pagkatuklas ng mga panibagong ruta patungong Asya
   d. Naniwala ang bansang ito na ang kanilang mga kolonyang bansa ay kanilang pangangasiwaan bilang isang ama.

6. Paano nakaapekto ang pagpapatupad ng closed-door policy sa Japan?
a. Nabuksan ang maraming kalakalan.
b. Nabawasan ang impluwensiya ng mga dayuhan sa Japan.
c. Nakapagpatayo ng maraming daungan para sa malalaking barko.
d. Nagkaroon ng mabuting relasyon ang mga Kanluranin sa Japan.

7. Sa paanong paraan nakapasok ang opyo sa China?
a. Ipinakilala ang produktong ito ng India.
b. Ito ay produktong ilegal na ipinasok ng mga British.
c. Nakapasok ito dahil sa paghahanap ng mga Kanluranin ng mga pampalasa.
d. Pinayagan ng pamahalaan ng Great Britain ang pagpasok ng produktong ito.

8. Paano pinamunuan ng emperador ang Japan noong panahon ng Meiji?
a. Binigyan ang mga feudal lord ng puwesto sa pamahalaan.
b. Pinayagan ang mga misyonero na palaganapin ang Kristiyanismo sa Japan.
c. Hinikayat ang mga Hapones na magsama-sama upang labanan ang puwersa ng mga British.
d. Pinalakas nila ang kanilang hukbong militar at binuksan ang pamahalaan na may impluwensiya ng mga Europeo.

9. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga paraan para makatulong sa pagsulong ng pagkakaisa ng mga Asyano upang labanan ang epekto ng kolonyalismo?
a. Hikayatin ang mga Asyano na yakapin ang kultura at uri ng pamamahala ng mga Europeo.
b. Pag-aralan ang kultura ng iba't ibang bansa sa Asya para magkaroon ng multicultural understanding.
c. Pag-aralan ang kasaysayan ng Asya at pulutin ang mga aral na maaaring gamitin para mapaunlad ang Asya.
d. Makipagtulungan sa iba't ibang bansa para mabigyan ng solusyon ang kinahaharap na mga bagong suliranin sa Asya.

10. Sa kasalukuyang panahon, paano nakikipag-ugnayan ang mga bansang Asyano sa mga bansang dating sumakop sa kanila?
a. Iniiwasang makipagkalakalan sa mga bansang Europeo.
b. Isinusulong ang partnership at cooperation sa lahat ng mga bansa para sa pagunlad ng ekonomiya.
c. Pinalalakas ng mga Asyano ang kanilang bansa para maging self-reliant sila mula sa mga Kanluranin.
d. Hindi pinahintulutan ang pagpasok ng mga foreign investor sa Asya sapagkat ito ay isang uri ng neokolonyalismo.